INLAND REGIONAL CENTER

...pinahahalagahan ang kalayaan, inklusyon, at kapangyarihan

P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92412-6127 Telepono:
(909) 890-3000
Fax: (909) 890-3001

Disyembre 2,
2021

Kagawaran ng Mga Serbisyong
Pangkaunlaran 1215 O Street, MS 8-20
Sacramento, CA. 95814
(916) 651-6309
OCO@dds.ca.gov

G. Cruz:

Ang Inland Regional Center (IRC) ay nagsumite ng sulat na ito bilang tugon sa liham ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkaunlaran (DDS) na petsa ay Setyembre 16, 2021. Ang liham na iyon ay ipinaalam sa IRC na isang pulong ng publikong input ay gaganapin tungkol sa mga resulta ng National Core Indicators (NCI) Child Family Survey para sa Taong Pananalapi 2018-19. Sinabi rin sa liham na isang ulat ang dapat ipadala sa kagawaran sa loob ng animnapung araw mula sa nasabing pulong. Ang direktibang ito ay alinsunod sa Seksyon 4571(h)(1) ng Welfare and Institutions (W&I) Code, na nangangailangan sa bawat regional center taun-taon na ipakita ang mga datos na kinolekta mula sa mga NCI survey sa isang publikong pulong ng kanilang governing board upang suriin ang comparative na performance ng regional center at kilalanin ang mga kinakailangang pagbabago sa mga serbisyo para sa mga kliyente, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyo ng pamamahala ng kaso.

Noong Setyembre 22, 2021, nag-post ang IRC ng paunawa sa mga kliyente, pamilya, staff, at miyembro ng komunidad na ipaalam sa kanila ang Nobyembre 8, 2021, na pulong ng publikong input. Ang publikong input na pulong ay na-post din sa lahat ng tatlong social media platforms ng IRC noong Oktubre 6, 2021, at muli noong Nobyembre 4, 2021. Ang buong ulat ng National Core Indicators (NCI) Child Family Survey para sa Taong Pananalapi 2018-19 ay ginawang available para sa review sa aming mga social media platforms at sa inlandrc.org/accountability page.

Noong Nobyembre 8, 2021, ng 5:30 ng hapon, isang publikong input na pulong ang ginanap gamit ang Zoom. Ang mga dumalo ay nanood ng maikling labinglimang minutong pre-recorded na PowerPoint presentation. Pagkatapos ng presentasyon, ang mga dumalo ay hiningan ng input, at walang ibinigay na may kaugnayan sa National Core Indicators (NCI) Child Family Survey para sa resulta ng Taong Pananalapi 2018-19.

Sa pakikipag-usap sa staff ng IRC, isang karaniwang tema ng mga datos na luma at hindi na napapanahon ang ipinahayag. Ang mga resulta ng survey ay mula 2018-19, ginagawang mahirap gamitin ang datos para sa layunin nito. Gayunpaman, sa pagsusuri ng mga resulta ng survey, ang IRC ay magpapatuloy sa pag-enhance ng posisyon ng Cultural Specialist at magpapatuloy sa pagsasanay sa aming mga magulang, kliyente, service providers, at staff tungkol sa kahalagahan ng cultural awareness. Ang Community Engagement team ay magbibigay rin ng impormasyon sa komunidad tungkol sa proseso ng reklamo ng kliyente gamit ang mga blogs at tatlong social media platforms ng IRC. Sa wakas, ang IRC ay magpupunyagi na magbigay ng edukasyon at kamalayan tungkol sa natural at gawa ng tao na mga kalamidad upang tiyakin na ang mga pinagsisilbihan namin ay handa kapag may naganap na emergency.

Lubos na gumagalang,

Lavinia Johnson
Ehekutibong Direktor

Kopya: Cameron Page, IRC
Nancy Bargeman, DDS
Brian Winfield, DDS